Paano Magkaroon ng Sariling Bahay sa Pamamagitan ng "Habitat for Humanity of East King County" o "Tahanan Para sa Sangkatauhan sa East King County"

Ang misyon ng programang tinatawag na "Habitat for Humanity of East King County" o "Tahanan Para sa Sangkatauhan sa East King County" ay para magbigay ng simple at abot-kayang tahanan sa mga pamilyang taga-Eastside na mababa ang kita.

Sa mga pamilyang kumikita ng mas mababa sa limampung porsyento ng kalagitnaang kita ng kanilang comunidad, ang makapag-ari ng isang bahay sa East King County ay halos imposible. Halos isang-ikaapat ng mga pamilya sa Eastside ay nagbabayad ng higit sa tatlumpung porsiyento ng kanilang kita para sa kanilang bahay. Kadalasan ay masikip at mahirap and kanilang kondisyon.

May programang tinatawag na "Habitat for Humanity of East King County" o "Tahanan Para sa Sangkatauhan sa East King County" na gumagawa ng tahanan para sa mga karapat-dapat mababang-kita na mga pamilya na nangangailangan ng simple at abot-kayang tahanan. Ang mga pamilyang mapipili na tulungan ng "Tahanan Para sa Sangkatauhan" ay kailangang kumumpleto ng "trabahong pawis" (ang konstruksiyon ng kanilang tahanan at tahanan ng kanilang kapitbahay) at dumalo sa mga klase para maihanda sila sa pagiging "homeowner" or may-ari ng isang bahay. Pagkatapos ng kanilang contribusyon ay maaari na nilang bilihin ang kanilang pamamahay ng walang interes sa kanilang "mortgage" o kabayaran ng kanilang tahanan.

Para mapili sa programang ito, kailangang matugunan ng aplikante ang mga sumusunod na kondisyon:

1) Tirahan

Nakatira o nagtatrabaho sa King County para nang hindi bababa sa isang taon sa oras ng aplikasyon.

Maging permanenteng residente o mamamayan ng Estados Unidos sa oras ng aplikasyon.

2) Pangangailangan

Masikip na pamamahay (tatlo o higit pang mga tao sa isang silid-tulugan).

Ang kasalukuyang tnikante ay pansamantala lamang.

Mahirap o hindi maayos na tirahan (mahirap na kamahayan o kulang sa mga kagamitan).

Nagbabayad nang higit sa tatlumpung porsyento ng kanilang kita para sa kanilang tirahan.

3) Kayang magbayad

Matatag ang kita para magkaroon ng sapat na pambayad sa kanilang mortgage at kabayaran para sa HOA (Home Owner Association) -- lahat-lahat ay humigit-kumulang sa kabuuan na $750 - $800 bawat buwan.

Kumita ng mas mababa sa limampung porsiyento ng kalagitnaang kita ng kanilang komunidad (tingnan ang ibat-ibang kondisyon sa ibaba):

Hindi maaring tumaas dito ang kita ng sambahayan:
Pamilya ng Anim: $ 48,900
Pamilya ng Lima: $ 45,500
Pamilya ng Apat: $ 42,150
Pamilya ng Tatlo: $ 37,950
Pamilya ng Dalawa: $ 33,700
Pamilya ng Isa: $ 29,500

4) Handang Tumulong

Kailangang magtrabaho ang aplikante ng limandaang oras sa paggawa·ng kanilang tahanan at tahanan ng kanilang kapitbahay.

Lumahok sa mga klase para maging handa na maging may-ari ng isang bahay, para matutunang magbadyet ng kanilang kita, at para mututong ayusin ang kanilang bahay.

Maging positibong representante ng programa sa kanilang komunidad.

5) Unang beses na maging may-ari ng isang bahay

Ang aplikante ay hindi pwedeng nagkaroon na ng isang bahay sa nakalipas na tatlong taon.

Kung kailangan nyo pa ng karagdagang impormasyon: Bisitahin ang www.habitatekc.org o tumawag sa 425-869-6007 o magpadala ng e-mail sa efortman@habitatekc.org